


Republic of the Philippines
**Department of Education**
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 5

EPP - Edukasyong/Pantahanan at Pangkabuhayan

## AGRIKULTURA

## Kwarter 3 – Modyul 8

## Pagsasapamilihan ng mga Alagang Hayop o Isda at Pagtutuos ng Puhunan, Gastos at Kita



**Name of Learner:** ______________________________

**Grade & Section:** ______________________________

**Name of School:** ______________________________

N-AVIGATING
O-PPORTUNITIES TO
R-EENGINEER FOR
T-RANSFORMATION &
E-MPOWERMENT

Service with a Heart

"Be and Do Much Better Each Day with a Sense of Urgency"

**EPP - Grade 5**
**Alternative Delivery Mode**
**Quarter 3 – Module 8: Pagsasapamilihan ng mga Alagang Hayop/Isda at Pagtutuos ng Puhunan, Gastos at Kita**
**First Edition, 2021**

**Republic Act 8293, section 176** states that: No copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit. Such agency or office may, among other things, impose as a condition the payment of royalty.

Borrowed materials (i.e., songs, stories, poems, pictures, photos, brand names, trademarks, etc.) included in this book are owned by their respective copyright holders. Every effort has been exerted to locate and seek permission to use these materials from their respective copyright owners. The publisher and authors do not represent nor claim ownership over them.

Published by the Department of Education
Secretary: Leonor Magtolis Briones
Undersecretary: Diosdado M. San Antonio

Development Team of the Module

| | |
|---|---|
| Manunulat: | LEAH IRISH M. SEREÑO, DELIA S. ANTE |
| | JENILO A. QUICO, ELEGIO BUNTAG |
| Editor: | EDWARD G. GALON |
| Tagasuri: | NILDA Y. GALAURA, EVELYN C. LABAD |
| Tagaguhit: | KENT SPENCER A. SANICO |

Management Team:

SDS: MA. LIZA R. TABILON EdD, CESO V
ASDS: JUDITH V. ROMAGUERA, EdD
ASDS: MA. JUDELYN J. RAMOS, EdD
ASDS: ARMANDO P. GUMAPON, EdD
CID Chief: LILIA E. ABELLO, EdD
LR: EVELYN C. LABAD
PSDS: ELDA L. EVANGELISTA, EMD
PRINCIPAL:

**Printed in the Philippines**
**Department of Education Region IX – Zamboanga Peninsula**
Office Address: Pres. Corazon C. Aquino Regional Government Center Balintawak, Pagadian City, Zamboanga del Sur 7016
Telefax: (062) 215-3753, 215-3751, 991-1907, 215-3789
E-mail Address: region9@deped.gov.ph



## *Alamin*

Ang nilalaman sa aralin na ito ay kung paano maisakatuparan ang ginawang plano sa pag-aalaga ng isda at iba pang hayop at paano maisapamilihan ang mga ito at kumita ng mas malaki.

Tunay na mahalagang matutuhan ng isang mag aaral kung gaano kahalaga ang pag-aalaga ng isda at iba pang hayop. Nagdudulot ito ng kabutihan sa buhay, katipiran sa gastusin ng pamilya at nakadaragdag ng kita ng mag-anak.

Sa araling ito, tatalakayin ang wastong pag-aalaga ng isda lalo na sa mga baguhan sa ganitong gawain. Tatalakayin ang mga kakailanganin upang lumaking malusog ang mga isda hanggang sa handa nang maani at mapasapamilihan.

Sa panahon ng pandemya ngayon dapat pa rin may matutunan ang mga mag-aaral habang nasa kani-kanilang tahanan.

Pagkatapos ng mga aralin, kayo ay inaasahang:

1. Naisapamilihan ang inalagang Hayop/Isda;
2. Naitutuos ang Puhunan, Gastos at Kita.

# Aralin 8

# Pagsasapamilihan ng mga Alagang Hayop/Isda at Pagtutuos ng Puhunan, Gastos at Kita



## *Subukin*

**Panuto:** Sagutin ang mga sumusunod na mga katanungan. Isulat ang iyong sagot sa ibaba.

1. Paano mo aalagaan ang isda sa aquarium?



________________________________________

________________________________________

.

2. Anu-ano sa palagay mo ang kabutihang maidudulot ng aquarium o fish pond sa iyong sarili at sa pamilya?

______________________________________________

______________________________________________

3. Ano ang makikita mo sa loob ng aquarium?

   a. isda   b. mga halaman   c. lahat ng nabanggit

4. Paano mo mapapanatiling malusog ang isda sa aquarium?

   a. pakakainin nang tama

   b. pakakainin ng isang beses sa isang linggo

   c. hahayaan lang nakalapag sa mesa sapagkat ito'y libangan lamang

5. Ang mga sumusunod ay paraan sap ag-aalaga ng isda sa aquarium maliban sa isa.

   a. palitan ang tubig kung kinakailangan

   b. lagyan ng mga halaman ang aquarium

   c. hayaan lang ang namamatay na isda sa loob ng aquarium



## *Balikan*

**Panuto:** Lagyan ng tsek / ang bilang kung ito'y kasangkapan sa pag-aalaga ng manok o isda at ekis X naman kung hindi.

_____________1. kulungan
_____________2. painuman
_____________3. lampara o bombilya
_____________4. patukaan
_____________5. dapuan



## *Tuklasin*

### Kahalagahan ng Hayop at Isda

Ang isda, at iba pang klase ng hayop gaya ng manok, baboy, at baka ay may napakahalagang bahaging ginagampanan sa ating hapag-kainan. Karaniwang ang mga ito ang makikita sa hapag-kainan ng mag-anak na Pilipino dahil mura at masustansiya ito. Nakukuha ang iba't ibang isda sa iba't ibang anyo ng tubig mayroon sa bansa. Maganda ito sa ating katawan bilang pinanggagalingan ng protina. Sa tamang pag-aalaga ng isda, matutugunan ang iba pang mga suliranin sa bansa lalo na sa pagkain. Mainam din itong gawing hanapbuhay at maaaring pagkakakitaan.

**Mga Dapat Tandaan sa Pagsisimula ng Fish Pond**.

May mga dapat na isaaalang-alang sa pagsisimula ng isang fish pond.

A. Binhi - Maaring alagaan dito ang bangus, tilapia, gurami, hito at karpa. Ang tilapia ay mabilis lumaki. Maaring anihin ito sa loob ng dalawa hanggang tatlong buwan. Inaabot naman ang karpa ng mga isang taon bago ito anihin. Anim na buwang pag-aalaga naman bago anihin ang bangus.
B. Lokasyon - Pumili ng lugar sa malapit sa pagkukunan ng tubig (ilog, balon, o poso) sa buong taon. Upang mapabilis ang pagdami ng lumot na nagsisilbing pagkain ng tilapya, dapat ang lugar ay naarawan at hindi binabaha tuwing umuulan o sa panahon ng tag-ulan.
C. Pagkain - Ang maliit na halamang-dagat na makikita nating berde na lumulutang sa tubig ay pagkain ng mga isda. Ang mga itlog ng kulisap sa tubig , suso, darak, at tinapay ay pagkain din ng alagang isda. May mga pagkaing komersiyal din na mabibili sa pamilihan.
D. Pag-aalaga - Ang fish pond ay dapat na nilalagyan ng pataba o dumi ng hayop upang mapanatiling mataba at maging malinis ang paglaki ng isda. Ang malalaking isda ay dapat nang alisin upang magkaroon ng malaking lugar ang mga lumalaking isda. Dapat ihiwalay ang malaking isda dahil ang mga ito ay kumakain ng isdang maliliit pa.



## *Suriin*

**Pagsasapamilihan ng Alagang Hayop o Isda**





Ang mga hayop na inaalagaan ay inaani rin tulad ng gulay. Kung kailangan, dinadala sa pamilihan at ipagbibili nang buhay. Maging maingat lamang sa paghawak o paglilipat ng mga ito upang hindi mamamatay agad at mabilasa.





Ano nga ba ang ibig sabihin ng pamilihan?

Ang pamilihan o merkado ay isang pook kung saan pumupunta ang mga tao at ang mekanismo na kung saan nagtatagpo ang konsyumer a prodyuser.



Upang maging matagumpay ang paghahayupan, maaaring gumawa ng simpleng anunsiyo o kaya flyers na ibibigay sa mga kakilala at kapitbahay upang maipaalam ang pagsasapamilihan ng iyong produkto.







Mayroon din namang mga paraan sa matagumpay na pagsasapamilihan. At ito ang mga sumusunod.

1. Paggawa ng simpleng anunsiyo o kya flyers na ibibigay sa mga kakilala, at kapitbahay upang ipaalam ang pagsasapamilihan ng inyong produkto.
2. Magbenta online para sa mas malawak na sakop.
3. Tingian na pagtitinda.
4. Pakyawan ng pagtitinda
5. Magbenta online para sa mas malawak na sakop lalo na sa panahon ng pandemic.

Mahalagang malaman natin kung anu-ano ang mga dapat gawin kapag nagsasapamilihan.




**Wastong Pagkukuwenta ng Pinagbilhan**

Narito naman ang isang halimbawa kung paano ginagawa ang pagtutuos ng halaga ng pinagbilhan ng isda.

Halimbawa:

| | | |
|---|---|---|
| A. 1 kilong Tilapya | | ₱60.00 |
| Plastik | | ₱ 5.00 |
| | Kabuuan | ₱65.00 |
| B. Puhunan | | ₱65.00 |
| Patong na bahagdan (15%) (₱65.00x .15) = | | ₱9.75 |
| C. | | ₱65.00 |
| | | + ₱9.75 |
| | Kabuuan | ₱74.75 |

Kung 12 kilo ang ipinagbiling tilapiya, kuwentahin ang kabuuang ginastos at pinagbilhan sa dami ng naipagbili.

Halimbawa:

| | |
|---|---|
| ₱74.75 | Halaga ng pagbebenta |
| x 12 | Dami ng kilong ibebentang isda |
| ₱897.00 | Kabuuang pinagbentahan |
| ₱65.00 | Puhunan |
| x 12 | Bilang ng ibinentang isda |
| ₱780.00 | Kapital |
| ₱897.00 | Kabuuang pinagbentahan |
| - ₱780.00 | Kapital |
| ₱117.00 | Tinubo/Kinita |

Talaan ng Gastos at Kinita sa Pagsasapamilihan ng Produkto

| Uri ng Isda | Halaga ng bawat kilo | Bilang (kilo) | Puhunan (Bilang ng Kilo X Presyo Bawat kilo) | Naipagbili (Puhunan X 15% patong bawat kilo) | Kita (Halaga ng Naipagbili - Puhunan) | Gastusin (Cellophane) |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Bangus | ₱160 | 20 | 20 x 160 = **₱3, 200** | 3, 200 + 480 = **₱3, 680** | ₱3,680 - ₱3,200 = **₱480** | ₱35 |
| Tilapya | ₱120 | 20 | 20 x 120 = **₱2, 400** | 2, 400 + 360 = **₱2, 760** | ₱2,760 –₱2,400 = **₱360** | ₱35 |
| Lapu-lapu | ₱180 | 20 | 20 x 180 = **₱3,600** | 3, 600 + 540 = **₱4, 140** | ₱4, 140 - ₱3,600 = **₱540** | ₱35 |
| Galunggong | ₱100 | 20 | 20 x 100 = **₱2, 000** | 2, 000 + 300 = **₱2, 300** | ₱2, 300- ₱2,000 = **₱300** | ₱35 |
| Kabuuan | | | **₱11, 200** | **₱12, 880** | ₱12,880-₱11,200 = **₱1, 680-₱140** **₱1, 540** | **₱140** |

Ngayon, atin namang alamin ang ilan sa mga karaniwang kasangkapan na ginagamit sa pamilihan.

**Weighing scale** - ginagamit sa pagtitimbang ng karne/isda.





**Kutsilyo** - ginagamit sa paghiwa o paghati ng mga produkto na iyong ipinagbili





**Supot/cellophane** - pagsisidlan ng paninda.







## Pagyamanin

**Panuto:** Basahin ang pahayag sa bawat bilang. Isulat ang **Tama** kung wasto ang isinasaad nito, **Mali** kung hindi wasto.

______1. Isang kapakipakinabang na libangan ang pag-aalaga ng isda.

______2. Kailangan ng isda ang sapat na gulang bago anihin.

______3. Kailangan ng kutsilyo sa pamilihan upang gamitin sa paghiwa ng karne o isda.

______4. Pabayaang bumaba ang tubig sa fish pond.

______5. Sa pagpili ng binhi ng aalagaang isda, dapat suriin ng wasto ang kalidad nito.



## Isaisip

**Panuto:** Punan ng tamang sagot ang mga hanay o column na kinakailangan upang makuha ang kabuuang kita.

| Uri ng Isda | Halaga ng bawat kilo | Bilang ( kilo) | Puhunan (Bilang ng Kilo X Presyo Bawat kilo) | Naipagbili (Puhunan X 15% patong bawat kilo) | Kita (Halaga ng Naipagbili - Puhunan) | Gastusin (Cellophane) |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Dilis | ₱100 | 3 | | | | |
| Tuna | ₱160 | 4 | | | | |
| Hito | ₱80 | 5 | | | | |
| Galunggong | ₱100 | 2 | | | | |
| Kabuuan | | | | | | |



## Isagawa

**Panuto:** Punan ng tamang sagot ang mga hanay o column na kinakailangan upang makuha ang kabuuang kita.

| Uri ng Isda | Halaga ng bawat kilo | Bilang (kilo) | Puhunan (Bilang ng Kilo X Presyo Bawat kilo) | Naipagbili (Puhunan X 15% patong bawat kilo) | Kita (Halaga ng Naipagbili - Puhunan) | Gastusin (Cellophane) |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Tuna | ₱180 | 5 | | | | |
| Dalag | ₱100 | 6 | | | | |
| Hito | ₱100 | 5 | | | | |
| Dilis | ₱100 | 7 | | | | |
| Kabuuan | | | | | | |



## *Tayahin*

**Panuto:** Basahin ang bawat aytem. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Saan dinadala ang mga naaning produktong isda?
   a. dagat b. pamilihan/palengke c. ilog

2. Ano ang mainam na lokasyon na kung saan doon natin ilagay ang mga alaga nating isda?
   a. malapit sa kabahayan b. malapit sa ilog c. malapit sa factory

3. Bakit hinihiwalay ang malalaking isda sa maliliit?
   a. Upang mabilis itong lumaki
   b. Upang hindi kainin ng malalaking isda
   c. Upang magandang tingnan na magkahiwalay sila

4. Ilan ang kabuuang kita mo kung ikaw ay may 2 kilong tilapya na nagkakahalaga ng ₱150.00 bawat kilo at may patong na 20%?
   a. ₱60.00 b. ₱30.00 c. ₱40.00

5. Bakit kailangan kuwentahin ang kabuuang gastos at kita ng pinagbentang produkto?
   a. Upang malaman kung ikaw ba'y matagumpay sa pagbebenta
   b. Upang makabili pa ng maraming isda
   c. Upang makita ang halaga ng isda



## *Karagdagang Gawain*

Maghanap ng isang pamilihan ng isda at punan ang sumusunod na table upang makagawa ng pagtutuos sa puhunan, gastos at kita ng may-ari nito sa loob ng isang araw.

| Uri ng Isda | Halaga ng bawat kilo | Bilang ( kilo) | Puhunan (Bilang ng Kilo X Presyo Bawat kilo) | Naipagbili (Puhunan X 15% patong bawat kilo) | Kita (Halaga ng Naipagbili - Puhunan) | Gastusin (Cellophane) |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | |
| | | | | | | |
| | | | | | | |
| | | | | | | |
| Kabuuan | | | | | | |

## *Susi sa Pagwawasto*

| Balikan | Pagyamanin | Tayahin |
|---|---|---|
| 1. / | 1. Tama | 1. b |
| 2. / | 2. Tama | 2. b |
| 3. / | 3. Tama | 3. b |
| 4. / | 4. Mali | 4. a |
| 5. / | 5. Tama | 5. A |

**Sanggunian:**


- Batayang Aklat sa Makabuluhang Gawaing Pantahanan at Pangkabuhayan pp. 160- 162 Gloria A. Peralta, EdD, Ruth A. Arsenue, Catalina R. Ipolan, Yolanda L. Quiambao, Jeffrey D. de Guzman.

- Kaalaman at Kasanayan Tungo sa Kaunlaran 5 Gloria A. Peralta, EdD, Ruth A. Arsenue, Catalina R. Ipolan, Yolanda I. Quiambao, Jeffrey D. de Guzman. Vibal Group, Inc. 12533 Geregorio Araneta Avenue, Quezon City, Philippines